

Mga bakuna para sa COVID-19 at kalusugan ng reproductive system

Mga Madalas Itanong

Normal lang ang magkaroon ng alalahanin tungkol sa posibleng epekto ng mga bakuna para sa COVID-19 sa kalusugan ng reproductive system. Inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) ang mga bakuna para sa COVID-19 sa lahat ng 6 buwang gulang pataas, kasama na ang mga taong sinusubukang magbuntis ngayon o maaaring magbuntis sa hinaharap. Sa kasalukuyan, walang ebidensiya na ang anumang bakuna, kasama na ang mga bakuna para sa COVID-19, ay nagdudulot ng problema sa kakayahang magkaanak ngayon o sa hinaharap.

Maaaring sensitibo para sa ilang mambabasa ang mga paksa ng dokumentong ito dahil sa naranasan nilang hirap noon sa pagbubuntis, trauma mula sa di-patas na pagtrato sa mga taong may kulay, o pangkalahatang pagbalewala sa mga reklamo sa kalusugan ng mga babae/trans man at mga babae/taong hindi sinusunod ang nakasanayang gawi sa kasarian, sa larangan ng medisina.

Tingnan sa ibaba ang mga sagot sa ilang karaniwang tanong tungkol sa bakuna para sa COVID-19 at kalusugan ng reproductive system.

T: May epekto ba sa kakayahan kong magkaanak ang bakuna para sa COVID-19?

S: Walang ebidensiya na ang anumang bakuna, kasama na ang mga bakuna para sa COVID-19, ay nagdudulot ng problema sa kakayahang magkaanak, anupaman ang kasarian. Tinutulungan ng bakuna ang immune system ng katawan mo para labanan ang coronavirus, at hindi nito ginagambala ang mga organ sa iyong reproductive system. Sa mga klinikal na pagsubok sa mga bakuna para sa COVID-19 at sa malaking pag-aaral, tungkol sa mga posibilidad, na sinalihan ng mga magkakaparehang sinusubukang magkaanak, magkapareho lang ang antas ng pagbubuntis sa mga tumanggap ng bakuna para sa COVID-19 at hindi. Ligtas at epektibo ang mga bakuna para sa COVID-19. Inirerekomenda ng [Centers for Disease Control and Prevention \(CDC\)](#), [American College of Obstetricians and Gynecologists \(ACOG, Kolehiyo ng mga Obstetrician at Gynecologist sa America\)](#), at [Society for Maternal-Fetal Medicine \(SMFM, Samahan sa Medisina para sa Ina at Sanggol\)](#) ang bakuna para sa COVID-19 sa mga taong buntis, nagpapasuso, o planong magbuntis.

Pumunta sa link na ito upang malaman mula kay Dr. LaSalle kung bakit inirerekomenda ang pagpapabakuna para sa COVID: [Kakayahang Magkaanak at mga Bakuna sa COVID-19 - YouTube](#)

T: Mababago ba ng bakuna ang cycle ng regla ko?

S: Ilang indibiduwal na nabakunahan na para sa COVID-19 ang nag-ulat ng mga pagbabago sa cycle ng kanilang regla matapos mabakunahan, gaya ng mas matagal na panahon ng regla, mas maikling agwat sa pagitan ng mga regla o mas malakas na regla kaysa dati. [Sa isang pag-aaral sa taong 2022](#), napag-alaman na ang mga nirereglang indibiduwal na nakatanggap ng bakuna para sa COVID-19 ay nagkaroon ng wala pang isang araw na dagdag sa cycle ng kanilang regla kasabay ng pagtanggap nila ng mga dosis. Normal lang sa cycle ng regla ang madagdagan o mabawasan ng isang araw. Sa kabila ng mga posibleng pansamantalang pagbabagong ito sa cycle ng regla, **walang ebidensiya na ang mga bakuna para sa COVID-19 ay nagdudulot ng problema sa kakayahang manganak.** Kapag nagbago ang cycle mo, maaari ding magbago ang timing ng iyong pag-ovulate. Ang mga taong gumagamit ng likas na paraan ng pagpapalano ng pamilya at iba pang pamamaraang nakasalalay sa pagsubaybay ng cycle ay posibleng mas mahirapang tukuyin ang panahon ng kanilang pag-ovulate at umiwas sa/magplano ng pagbubuntis. Kausapin ang iyong provider para talakayin ang tungkol sa cycle mo at alamin pa ang mga paraan ng pagpapalano ng pamilya.

T: May epekto ba sa pagkontrol sa panganganak ang bakuna para sa COVID-19?

S: Ayon sa Planned Parenthood, walang ebidensiya na dinaragdagan o binabawasan ng bakuna para sa COVID-19 ang bisa ng pagkontrol sa panganganak. Sa ngayon, wala pang nag-uulat mula sa mga nabakunahang indibiduwal na nawalan ng bisa ang pagkontrol nila sa panganganak matapos magpapabakuna. Bagamat may mga nag-uulat ng pagbabago sa cycle ng regla, wala itong epekto sa bisa ng pagkontrol sa panganganak ng isang tao. Dahil dito, maaaring mas mahirap nang subaybayan ang cycle ng regla at panahon ng pag-ovulate; ang mga taong gumagamit ng likas na paraan ng pagkontrol sa panganganak, gaya ng pamamaraan kung saan inaalaman ang panahon kung kailan may kakayahang magkaanak, ay posibleng mahirapang alamin kung kailan sila mag-ovulate. May mga tool na makakatulong sa mga indibiduwal para subaybayan ang kanilang pag-ovulate. Inirerekomenda na kausapin mo ang iyong provider para alamin ang mga opsyon mo at ang iba pang impormasyon tungkol dito.

T: May epekto ba ang bakuna sa sperm at/o pagtigas ng ari?

S: Sa ngayon, walang ebidensiya na ang anumang bakuna, kasama na ang mga bakuna para sa COVID-19, ay nagdudulot ng problema sa reproductive organ ng lalaki, kasama na ang pagkabaog o hindi pagtigas ng ari. Sa isang [kamakailang maliit na pag-aaral na kinabilangan ng 45 malusog na lalaki](#) na nakatanggap ng [mRNA na bakuna para sa COVID-19](#), sinuri ang mga katangian ng sperm, tulad ng kung gaano ito karami at paano ito gumagalaw, bago at matapos magpabakuna. Walang nakita ang mga mananaliksik na malaking pagbabago sa mga katangiang ito ng sperm matapos magpabakuna. Sa [isa pang pag-aaral](#), napag-alaman na ang impeksiyon sa COVID-19 ay maaaring may kaugnayan sa pagbaba ng kakayahang magkaanak ng mga lalaki sa loob ng hanggang 60 araw matapos magkaimpeksiyon. Ang lagnat na dulot ng anumang sakit, at karaniwang sintomas ng COVID-19, ay posibleng panandaliang magpababa sa produksiyon ng sperm. Bagamat ang lagnat ay maaaring side effect ng pagpapabakuna para sa COVID-19, sa kasalukuyan, walang ebidensiya na may epekto sa produksiyon ng sperm ang lagnat na nakuha matapos magpabakuna. Kausapin ang iyong provider kung may iba ka pang alalahanin.

T: May epekto ba ang bakuna sa IVF (In Vitro Fertilization) Treatment?

S: Walang ebidensiya na may epekto sa mga taong sumasailalim sa IVF treatment ang bakuna para sa COVID-19. Walang nakita sa mga pag-aaral na may epekto sa IVF ang mRNA na bakuna para sa COVID-19. Batay sa isang [pag-aaral](#), walang malaking pinagkaiba sa pag-stimulate ng obaryo, kalidad ng itlog, pagbuo ng embryo, o pagbubuntis ang mga pasyenteng nabakunahan at hindi pa nabakunahan. Ang mga bakuna para sa COVID-19 ay hindi nakitaan ng epekto sa kakayahang magkaanak, at hindi rin nito pinapalala ang sitwasyon para sa mga taong nahihirapang magkaanak. Regular na ibinibigay nang ligtas ang maraming bakuna sa panahon ng pagbubuntis at bago magbuntis, gaya ng bakuna para sa trangkaso, tetano, at diphtheria. Inirerekomenda ang bakuna para sa COVID-19 sa sinumang 6 buwang gulang pataas, kasama na ang mga taong sinusubukang magkaanak.

T: Ang bakuna ba para sa COVID-19 ay puwedeng maging dahilan para makunan ang isang buntis?

S: Hindi, ligtas ang bakuna para sa COVID-19 bago ang, sa panahon ng, at pagkatapos ng pagbubuntis. Walang ebidensiya na higit na nanganganib na makunan ang mga buntis na nagpabakuna para sa COVID-19. Mas marami ang buntis na nakunan na hindi pa nabakunahan para sa COVID-19.

Mas marami pa ang buntis na nakukunan kaysa sa inaakala ng mga tao, at humigit-kumulang [10 hanggang 20 porsiyento](#) ng buntis ang nakukunan. Ang ilang taong nabakunahan na ay posibleng makunan, ngunit wala itong kinalaman sa bakuna-maaaring makunan ang isang buntis anupaman ang katayuan niya sa pagpapabakuna. Sa katunayan, ang mga taong nagkaroon ng malubhang impeksiyon sa COVID-19 sa simula pa lang ng kanilang pagbubuntis ay higit na nanganganib na makunan. Ang pagpapabakuna ay ang pinakamabisang proteksiyon laban sa COVID-19 para sa iyo at sa iyong sanggol.

Mga Dulugan

Centers for Disease Control and Prevention, "COVID-19 Vaccines for People Who Would Like to Have a Baby". 2022. Makikita online sa: [COVID-19 Vaccines for People Who Would Like to Have a Baby | CDC](#)

American College of Obstetricians and Gynecologists, "COVID-19 Vaccination Considerations for Obstetric-Gynecologic Care". 2022. Makikita online sa: [COVID-19 Vaccination Considerations for Obstetric-Gynecologic Care | ACOG](#)

World Health Organization, "Questions and Answers: COVID-19 vaccines and pregnancy." 2022. Makikita online sa: [Questions and Answers: COVID-19 vaccines and pregnancy \(who.int\)](#)

Mount Sinai, "Large Study Provides Reassurance that COVID-19 Vaccination Does Not Affect Fertility or Early Pregnancy." 2022. Makikita online sa: [Large Study Provides Reassurance that COVID-19 Vaccination Does Not Affect Fertility or Early Pregnancy | Mount Sinai - New York](#)

Palaging konsultahin ang iyong pinagkakatiwalaang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga personal na pagpapasyang may kinalaman sa pagpapagamot.